IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

# Salin-Suri sa Wikang Filipino ng mga Kwentong Bayan sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat Translation and Analysis of Folk Tales in the Municipality of Libjo, Dinagat Island into the Filipino Language

**Rojas, Princess Angel May A., Ciruela, Denzel Mark A., Escultor, Gemma R.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract***: This study aims to document and analyze the folk tales in the municipality of Libjo, Dinagat Island. The researcher seeks to collect folk tales from various barangays in the town to discover terms that symbolize two types of culture: material and non-material. The lessons learned from these tales may be linked to the Department of Education's curriculum, especially in the context of local culture.The researcher employed qualitative methods, particularly content analysis and historical analysis, to thoroughly examine the beliefs, traditions, and customs embedded in the folk tales. Of the sixteen (16) barangays in Libjo, thirteen (13) were found to have folk tales, with two (2) barangays possessing three (3) tales each. Among the collected stories are "Liboo," "Kaliring," and "Banderitas" from Barangay Albor; "Biyayang Anak" and "Bangka" from Barangay Arellano; "Hawak Kamay" and "Buhay na Batis" from Barangay Bayanihan; "Busilak na Puso" from Barangay Doña Helen; "Ubogon" from Barangay Llamera; "Damong Ga-as" from Barangay Garcia; and "Maliit na Amerika" from Barangay Magsaysay. These tales are rich in culture and contain lessons that are relevant to the K to 12 educational system. The researcher recommended that the collected stories be published to be part of the teaching and promotion of local culture, and to encourage teachers to create instructional materials based on local literary works.*

*"Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maidokumento at masuri ang mga kwentong bayan sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Layunin ng mananaliksik na makalikom ng mga kwentong bayan mula sa iba't ibang barangay ng lungsod upang madiskubre ang mga katawagang sumasagisag sa dalawang uri ng kultura: ang materyal at di-materyal. Ang mga natutunang aral mula sa mga kwentong ito ay maaaring maiugnay sa mga aralin ng Departamento ng Edukasyon, lalo na sa konteksto ng kulturang lokal. Gumamit ang mananaliksik ng kuwalitatibong pamamaraan, partikular ang pagsusuri sa nilalaman (content analysis) at pagsusuring historikal upang masusing pag-aralan ang mga paniniwala, tradisyon, at kaugalian na bumabalot sa mga kuwentong bayan. Mula sa labing-anim (16) na barangay sa Libjo, labintatlo (13) dito ang may kuwentong bayan, kung saan dalawa (2) sa mga barangay ay nagtataglay ng tatlong (3) kuwento. Kabilang sa mga nalikom na kwento ay ang "Liboo," "Kaliring," at "Banderitas" mula sa Barangay Albor; "Biyayang Anak" at "Bangka" ng Barangay Arellano; "Hawak Kamay" at "Buhay na Batis" ng Barangay Bayanihan; "Busilak na Puso" ng Barangay Doña Helen; "Ubogon" ng Barangay Llamera; "Damong Ga-as" ng Barangay Garcia; at "Maliit na Amerika" ng Barangay Magsaysay. Ang mga kwentong ito ay mayaman sa kultura, at naglalaman ng mga aral na makabuluhan sa konteksto ng K to 12 na sistema ng edukasyon. Ang mga nalikom na kwento ay inirekomenda ng mananaliksik na ilathala, upang maging bahagi ng pagtuturo at pagpapalaganap ng lokal na kultura, at upang hikayatin ang mga guro na lumikha ng mga kagamitang panturo na nakabatay sa mga lokal na akdang pampanitikan."*

**Keywords:** Edukasyon, Kasaysayan, Kultura, Pamayanan, Pananaliksik

## KABANTA 1.
## PANIMULA

Sa patuloy na pagyabong ng makabagong teknolohiya at iba pang mga salik, marami pa ring mga bagay-bagay ang patuloy na inaapuhap, inaaral, at sinusuri. Karamihan sa mga ito ay nasa paligid lang natin ngunit may kakulangan ang nakararami sa pagpansin sa mga ito. Isa sa mga maituturing na kailanma'y di naglalahong pamana ng ating mga ninuno sa kabila ng mga salik na nabanggit ay ang mga pasulat at pasalitang piyesang pampanitikan. Ayon kay Du (2014), ang panitikan ay isang bukas na talaarawan ng mga mamamayan. Sa talaarawang ito, mababasa ang panahon ng kasaysayan at kultura ng isang pangkat. Ibig sabihin, nakaangkla na talaga ang karanasan, nagagad, at naisadokumento na halos ang pang-araw-araw na pamumuhay ng tao dahil sa panitikan. Sa kabila ng kaalamang ito, marami pa ring mga katutubong mga panitikan ang patuloy na nakakubli sa mata ng nakararami. Nangyayari ang penomenong ito dahil sa hindi lubos na pagtangkilik ng marami sa mga kagawiang ito.

Mayaman ang Pilipinas sa mga akdang pampanitikan na binubuo ng iba't ibang anyo gaya na lamang ng mga alamat, kuwentong bayan, epiko, tula, at iba pa. Ayon kay Ramos (1984) sa pagbanggit ni Catipay (2019), ang panitikang Filipino ay may pambihirang kabuoan. Ito'y nagsisimula sa mga pasalitang tradisyon- tulad ng mga kuwentong bayan. Ang mga ito ay isa sa mga mahahalagang mukha ng panitikan sapagkat ito ang bumubuo ng identidad ng isang lipunan. Ang mga panitikang ito ay koleksiyon ng mga kuwentong nag-uugnay sa mga tao, lugar, hayop, at mga bagay na nasa loob mismo sa konteksto ng Pilipinas. Ang mga ito ay ekspresyon ng kultura na purong Pilipino na galing sa mayamang nakaraan hanggang sa pag-usbong nito sa kasalukuyan hanggang sa hinaharap, kasaganaan, pagkakaisa, at kooperasyon.

Ayon nga kay France (2020), ang kwentong-bayan ay binubuo ng mga kwentong pangkasaysayan, mga tradisyonal na paniniwala, at mga natatanging yaman na nagmula sa isang komunidad. Sinisiyasat nito ang mga lokal na kaugalian at paniniwala na inilipat sa isang henerasyon patungo sa iba pang henerasyon na isinasalin sa pamamagitan ng pasalindila. Sa tulong ng kilos at pahayag, ito'y nagiging libreng pahayag ng kultura ng bawat pangkat ng mga tao, kung saan kasama ang mga kwento, kasabihan, mga alamat, at mga mitolohiya.

Ayon nga kay Starrs (2020), nagawang mangibabaw ng impluwensya ng makalumang panahon sa kabila ng maraming pagbabago. Magpasahanggang ngayon ay makikita parin ang yamang kultura sa kanilang panitikan, sining, at maging sa mga makabagong teknolohiya.

Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang panitikan mula sa bawat sulok ng ating arkipelago. Nakapaloob sa ating Saligang Batas ng 1987 Artikulo XIV, Seksyon 152 na "Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod at ipalaganap ng Estado ang anumang historical at kultural na mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa". Samakatuwid isa sa mga gampanin natin bilang mamamayan ay ang pangangalaga sa ating kayamanang kultural kasabay na rito ang pagpapayaman ng ating local na kultura, kasaysayan, at panitikan.

Maliban sa pagtitipon at pagsusuri, mahalaga rin ang pagsasalin sa preserbasyon at pagpapayabong ng kultura, tradisyon, at lalong-lalo na ng panitikan ng isang bansa. Ang pagsasalin ay isa sa mga isinusulong na pamamaraan at hakbang ng Komisyon sa Wikang Filipino upang mapayabong ang kasalukuyang leksikon ng wikang Filipino. Nagsisilbi rin itong isang malaking pundasyon para sa intelektuwalisasyon ng pambansang wika. Ayon kay Almario (2015), dapat mapansin ang mahigpit na ugnayan ng pagsasalin at pagpapaunlad ng Wikang Pambansa upang makamit ang antas ng kultibasyon (modernisasyon o intelektuwalisasyon) na inaasam-asam at upang makamit ang titulo ng wika ng karunungan.

Tinalakay naman ni Baer (2017) na ayon sa DepEd Order 32 s. 2015, ang pagsasanib ng lokalisasyon at indigenization tungo sa kontekstwalisasyon sa pagtuturo sa lahat ng asignatura ay nakakatutulong sa paglinang ng kakayahan at kaalaman ng mga mag-aaral na mas mapahalagahan ang mga bagay na makikita mismo sa kanilang pook na ginagalawan. Nakatutulong din ito upang mabigyan ng kalayaan ang mga paaralan upang iangkop ang kurikulum sa lokal at iugnay ang nilalaman nito sa proseso ng pagtuturo sa kapaligirang lokal. Mapahalagahan ang biyaya at likas na kagandahan sa sariling pook.

Isa ang Isla ng Dinagat sa mga probinsya sa Caraga na may mayamang panitikan. Hindi man ganoon karami ang nailimbag na akda tungkol sa kasaysayan ng mga lugar, nalalaman pa rin ng makabagong henerasyon ang mga istoryang ito sa pamamagitan ng mga kwentong bayan mula sa matatandang naninirahan sa partikular na lugar na iyon.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ang bawat bayan sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat ay may ipinagmamalaki at natatanging pagkakakilanlan. Iba-iba ang ilan sa pinagkunan ng pangalan ng lugar ito ay mga apelyido ng mga pamilyang unang naninirahan nito, ngalan ng bayani, kuweba, at kapistahan ng mga santo at santa, mga produktong gawang-kamay gaya ng nito, banig at marami pang iba. May implikasyon ang pinagmulang kuwento ng bawat pangalan ng barangay sa edukasyon, komunidad, turismo at local na pamahalaan sa pagmulat nang kamalayan at makuha ang interes ng mga Libjoanon.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maidokomento at masuri ang mga kwentong bayan sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat Islands. Kaakibat nito, mahalagang pag-aralan ang kultura at tradisyong napapaloob sa bayan dahil nagsisilbi itong tulay sa pagpapayaman at pag-uunawa sa pagkakakilanlan ng isang lahi. Dala na rin sa mithiin ng K to 12 na sariwain ang mga kultura ng isang lugar kung saan napabilang ang isang mag-aaral alinsunod sa kontekswalisasyon at lokalisasyong ninanais makamit sa malawakang kamalayan sa sariling kultura bago mapag-aralan ang kultura ng iba (Lamiseria,2016).

**Suring-Basa ng mga Literatura**

Sa bahaging ito ay napapaloob ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura. Ang mga nasabing kaisipan o ideya at mga impormasyong inilahad sa kabanatang ito ay nagsisilbing gabay sa pagpapalawak o pagtitingkad ng mga ilang konseptong at katuturang nais ipahiwatig ng ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

Ang panitikan ay sumasalamin sa mga paniniwala, kultura at tradisyon ng isang lugar na kung saan dito ipinapakita ang nangyari noon, ngayon at bukas. Sadyang nagkaroon ito ng iba't ibang anyo na bunga ng pagpapahayag ng damdamin at kaisipan ng iba't ibang tao. Ang panitikang ito ay koleksyon ng mga kwentong nag-uugnay sa mga tao, lugar, hayop at mga bagay na nasa loob mismo sa konteksto ng lipunan. May ibat' ibang natatanging akda ang bawat bayan na nagpapakita ng kilos o kultura na nagsilbing daan para maibahagi sa bawat isa ang mga kinagawiang kilos o kultura. Malaki ang ambag ng bawat pasalita at pasulat ng panitikan sa mga lugar kung saan ito nabibilang.

**Kahalagahan ng Kwentong Bayan**

Ang kuwentong bayan ay kaluluwa ng isang lahi sa pamamagitan ng paglilimbag o pagsasatitik ay nananatili itong buhay sa isipan ng mga tao. Mahalagang pag-aralan ang kuwentong-bayan sapagkat bahagi ito ng panitikan na nagsisilbing tulay upang makita at mabatid natin ang kaugnayan ng kasalukuyan sa nakaraan, sa pamamagitan noon ay mahaharap ang darating na bukas na may lakas at paninindigan kung ano ang pinagmulan (Montenegro,2022).

Mahalaga ang pag-aaral ng kuwentong bayan sapagkat tugon din ito sa hangarin ng programang K to 12 kurikulum na kailangang malinang ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa kanilang partikular na lugar sa mithiing lokalisasyon at kontekswalisasyon sa kurikulum. Lalong mapalapit ang mga mag-aaral sa kanilang lugar kung ang mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa pagtuturo ay malapit sa kanilang diwa at puso. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga mag-aaral upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin, at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan ng isang tao, at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Sa panlipunan, pambansa, at pandaigdigang kaukulan, isa ang panitikan sa pinagbabatayan ng pagkakaroon ng buhay at katagumpayan ng isang bansa (De Juan, 2015).

**Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Panitikan**

Ang Batas Republika Blg. 7104 (Agosto 14,1991) na inaatas ng Saligang Batas ng Pilipinas, na magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang katutubong wika sa Pilipinas. Dagdag pa, hangarin ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) na paunlarin ang Filipino bilang isang modernong wikang magagamit sa mabisang kasangkapan sa kabuuan ng pambansang pagpapaunlad.

Dala na rin sa mithiin ng K to 12 na sariwain ang mga kultura ng isang lugar kung saan napabilang ang isang mag-aaral alinsunod sa kontekswalisasyon at lokalisasyong ninanais makamit sa malawakang kamalayan sa sariling kultura bago mapag-aralan ang kultura ng iba (Lamiseria, 2016).

**Epekto ng Kwentong Bayan sa Komunidad**

Ang mga kwentong bayan ay nagbibigay ng mga aral at gabay sa ating pang-araw-araw na buhay, nagpapalaganap ng kabutihang-asal, at nagpapalakas ng ating samahan bilang isang komunidad. Sa artikulo ni Catipay (2019), malaki ang ambag ng kwentong bayan sa pagpapalago ng balyus ng mga kabataan na naging sandigan sa pagbibigay ng aral. Ang pag-aaral ng ating sariling panitikan ay napakahalaga. Sa pamamagitan nito ay malalaman, madarama at masusumpungan natin kung paano nag-ugat at namuhay ang ating mga ninuno. Sa tesis ni Duza at Aler (2023), na sadyang malaki ang tungkuling ginagampanan ng kuwentong-bayan, upang mahubog ang kakayahan ng tao sa pakikisalamuha. Sa pamamagitan ng kuwentong bayan ay mabubuksan ang isipan ng mga tao kung gaano kahalaga ang pagpreserba ng mga akdang pampanitikan at mananatili itong buhay sa bawat henerasyon.


Winika naman ni Chen (2009), hinggil sa tema ng kuwentong bayan ay sinasabi niyang kadalasan sa mga ito ay kakikitaan ng matulunging hayop, mga di-kapani-paniwalang pagbabagong anyo, mga kahilingan na natutupad, at higit sa lahat ang pagkakaroon ng mahika. Ito ang ilan sa mga katangian na nagbibigay engganyo sa mga mambabasa o di kaya‶y sa mga nakikinig. Sa pagsusuri ni Jin Joo (2016), natuklasan niyang ang tema o paksang diwang napapaloob sa nabasang pabula ay "Huwag maging makasarili at samantalahin ang kahinaan ng kapwa dahil lamang sa pansariling interes."

Ngunit sa pangkalahatan ay mahalaga ang kwentong bayan upang mayroong mapupulot na mga aral ang bawat bumabasa sa kung saan nanggaling at kamangha-manghang kultura na meron sila.

Hanggang ngayon, laganap pa sa ating paligid ang iba‶t ibang panitikan na sumasalamin sa tradisyon, paniniwala at kultura ng bawat lugar. Karamihan sa mga ito ay hindi pa nalilinang, napapayaman at napagukulan ng panahon para pag-aralan.

Mahalagang mamulat ang kamalayan ng makabagong henerasyon sa kasaysayan ng kanilang lugar at higit pa nilang maipagmalaki at mabigyang pagpapahalaga iang kagandahan ng kanilang kultura kasabay ng pagsagot sa mga tanong ng kanilang pagkakakilanlan.

**Balangkas Konseptuwal**




Paradaym blg. 1. **Paradaym ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa pagdiskubre, pagdokumento at pagsuri sa mga iba't ibang kwentong bayan sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Ito ay gumagamit ng kwalitatibong paraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuri sa nilalaman o content analysis.

Ito ay nakaangkla sa apat na konsepto ni Panganiban at Casanova (2005) na nagsasaad na ang bawat kwentong bayan ay mayroong uri, kultura at balyus o aral hinggil sa pinagmulan ng isang bayan o pook. Dagdag pa sa pag-aaral na ito ang pagbuo ng literacy criticism at modyul hinggil sa kuwentong bayan sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay maidokomento, masuri at isalin ang iba't ibang kwentong bayan sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Sisikapin sa pananaliksik na ito na matugunan ang mga sumusunod na mga katanungan:

Ano-anong kuwentong-bayan ang malilikom sa Isla ng Dinagat?

Ano-anong mga katawagan ang sumasagisag sa kultura?

Materyal na Kultura;

Di-materyal na Kultura

Anong mga katutubong-aral sa buhay ang nailakip sa salaysay? Sa anong konsepto sa Departamento ng Edukasyon maiugnay ang mga aral na kalakip ng mga kwentong bayan sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat?

## KABANATA 2
## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay napapalooban ng mga pamamaraang ginamit ng mananalisik sa paglikom ng mga datos at ang pag-aanalisa ng mga datos upang masagot ang mga suliranin.

**Disenyo**

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng kuwalitatibong paraan ng pananaliksik sa anyong pagsusuri sa nilalaman (content analysis) at anyong istorical. Ang pagsusuring pangnilalamang ito ay gagamitin sa pagsusuri ng istorical kinapapalooban ng mga paniniwala, tradisyon at kaugalian. Ang anyong istorical naman ayon kay Sauco (2011) ay sumasaklaw sa nakalipas. Binabakas dito ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, ang pag-unlad, ang mga dahilan ng mga bagay, ang sanhi at bunga. Batay sa mga datos at ebidensya, pinalalalim ang pag-unawa sa nakaraan kung paano at bakit nangyari ang mga bagay-bagay maging na pinagmulan nito.

**Tagasuri**

Ang mga tagasuri sa pananaliksik na ito ay ang mga dalubhasang guro sa Mababang Paaralan ng Elementarya sa Plaridel, Distrito ng Albor 1, Dibisyon ng Dinagat Islands.

Makikita sa talahanayan 1 ang kabuuang populasyon ng mga tagasuri. Sa posisyon na Master Teacher I ay may dalawa na tagasuri; sa posisyong Punong Guro may isang tagasuri.

Talahanayan 1. **Distribusyon ng mga Tagasuri**

| **Posisyon** | **Bilang ng Tagasuri** |
|---|---|
| Master Teacher I | 2 |
| Punong Guro | 1 |
| **KABUUAN** | 3 |

Sa dalawang magagaling na guro ang magsusuri sa nagawang mga kwentong bayan. At sa punong guro ng paaralan. Sila ay nakapagdalo sa seminar workshop ng *Capability Development of School Leaders and Master Teacher for Instructional Supervision*.

**Impormante**

*Purposive sampl*ing ang pamamaraang gagamitin ng mananaliksik sa pagkuha ng mga impormante sa pag-aaral na ito. Sila ay nagmula sa 16 barangay ng munisipalidad ng Libjo, Dinagat Island. Pinili sila ayon sa sumusunod na krayterya:

Ang impormante ay dapat isinilang, lumaki at kasalukuyan pa ring naninirahan sa nasabing lugar;


IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ang impormante ay 50 na taong gulang pataas; at Isinaalang-alang na ang impormante ay nakapag-aral. Hindi mahalaga kung anong edukasyong natamo basta't sila ay marunong bumasa at sumulat.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Batay sa estratehiyang lokasyon, ang Munisipalidad ng Libjo ay matatagpuan sa timog silangang lugar sa probinsya ng Dinagat Islands. Ito ay napasailalim sa panglima na kategorya sa nasabing probinsya. Ang Libjo ay may kabuuang lawak na animnapu't siyam at pitumpu't dalawang milya kuwadrado (69.72 milya kuwadrado). Mayroon siyang labing anim (16)na barangay na nasasakupan. Ito ay mga barangay ng Albor, Arellano, Bayanihan, Dona Helen, Garcia, Gen. Aguinaldo, Kanihaan, Llamera, Magsaysay, Osmena, Plaridel, Quezon, Rosita, San Antonio, San Jose, Sto. Nino.

Ang Munisipyo ng Libjo na sakop sa lalawigan ng Dinagat Islands na bahagi ng lumang teritoryo na umiiral sa Hilagang Mindanao na tinawag na "Caraga". Ito ay pinangalanan pagkatapos ng mga taong tinawag na "Calagans", pinaniniwalaang nagmula sa Bisaya. Sila ang mga naninirahan sa Lalawigan ng Surigao sa mga panahong iyon.




Template 1. **Mapa ng Libjo, Dinagat Islands**

**Instrumento ng Pananaliksik**

Isang talatanungan na sinabayan ng impormal na panayam ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pangangalap ng datos.

IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

**Paraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Isang buwan ang igugugol ng mananaliksik sa pangangalap ng datos. Magsasagawa rin ng sistematikong hakbang ang mga mananaliksik para maging maayos ang pangonglekta ng datos sa panahon ng fildwork.

**Paghingi ng Pahintulot sa Mayor ng munisipalidad.** Sumulat ng liham ang mananaliksik sa Mayor ng munisipalidad na sakop ng pag-aaral na ito upang humingi ng pahintulot para makakuha ng datos.

**Pagbisita sa bawat barangay.** Pinuntahan ng mga mananaliksik ang lugar ng bawat barangay at nagsagawa ng panayam sa mga piling impormante ayon sa kanilang wikang sinasalita.

Ginamit ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang sa pagkalap ng datos:

Paghahanda ng talatanungan

Pagtatanong sa kanila tungkol sa nilalaman ng talatanungan.

Pagre-record sa kanilang mga kasagutan.

Pagbibigay ng interpretasyon sa datos na nakuha mula sa recorder.

## KABANATA 3
## MGA KINALABASAN AT PAGTATALAKAY NG DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad, nag-aanalisa at nagpapaliwanag ng mga nalikom na datos tungo sa pagbuo ng isang Salin-Suring Kuwentong Bayan. Dito inilahad ang mga Kuwentong Bayan na natipon sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat na sinalin at sinuri batay sa materyal at di-materyal na kultura, at kaugalian.

### 1. Mga Kuwentong Bayan nalikom sa Isla ng Dinagat.

Talahanayan 2. **Distribusyon ng mga Kwentong Bayan sa Munisipalidad ng Libjo**

| **Barangay** | **Bilang ng Kwentong Bayan** |
|---|---|
| Albor | 3 |
| Arellano | 2 |
| Bayanihan | 2 |
| Doña Helen | 1 |
| Garcia | 1 |
| Gen. Aguinaldo | 0 |
| Kanihaan | 0 |
| Llamera | 1 |
| Magsaysay | 1 |
| Osmeña | 1 |
| Plaridel | 3 |
| Quezon | 1 |
| Rosita | 1 |
| San Antonio | 2 |
| Sanjose | 1 |
| Sto.Niño | 0 |
| **Kabuuan: 16** | **20** |

Mula sa labing-animm (16) na barangay sa munisipalidad ng Libjo, mayroon lamang labintatlong (13) barangay ang may natatanging kuwentong bayan na makikita sa Talahanayan 2. Ang “Liboo”, “Kaliring” at “Banderitas” ng Barangay Albor, “Biyayang Anak” at “Bangka” ng Arellano, ”Hawak Kamay at Buhay na Batis” ng Barangay Bayanihan, “Busilak na Puso” ng Barangay Doña Helen, “Ubogon” ng Barangay Llamera, “Damong Ga-as” ng Barangay Garcia, “Maliit na Amerika” ng Barangay Magsaysay, “Ang Pulo ng Sabang” ng Barangay Osmeña, “Haway Para Mabuhay”, “Dungguan” at “Alamat ng Milagrusong Palanguyan” ng Barangay Plaridel, ”Hugis Tsokolateng Pulo” ng Barangay Quezon “Yaman ng Lupa” ng Barangay Rosita, “Simbada na” at “Sa Tabing Dagat” ng Barangay San Antonio at “Malawak na Palayan” ng Barangay San Jose. Samakatuwid, ang mga Barangay Gen. Aguinaldo, Kanihaan at Sto.

Nino ay mga pangalan ng barangay na hindi mauugnay sa isang kuwento na naging sanhi kung bakit walang kuwentong bayan naitala ang kasalukuyang mananaliksik.

Ayon kay France (2020), ang kwentong-bayan ay binubuo ng mga kwentong pangkasaysayan, mga tradisyonal na paniniwala, at mga natatanging yaman na nagmula sa isang komunidad. Sinisiyasat nito ang mga lokal na kaugalian at paniniwala na inilipat sa isang henerasyon patungo sa iba pang henerasyon na isinasalin sa pamamagitan ng pasalindila. Sa tulong ng kilos at pahayag, ito'y nagiging libreng pahayag ng kultura ng bawat pangkat ng mga tao, kung saan kasama ang mga kwento, kasabihan, mga alamat, at mga mitolohiya.

Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang panitikan mula sa bawat sulok ng arkipelago. Nakapaloob sa Saligang Batas ng 1987 Artikulo XIV, Seksyon 152 na "Dapat tangkilikin ng Estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod at ipalaganap ng Estado ang anumang historikal at kultural na mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa". Samakatuwid, isa sa mga gampanin ng mga mamamayan ay ang pangangalaga sa kayamanang kultural kasabay na rito ang pagpapayaman ng lokal na kultura, kasaysayan, at panitikan.

Sa katunayan, nagawang mangibabaw ng impluwensya ng makalumang panahon sa kabila ng maraming pagbabago. Magpasahanggang ngayon ay makikita parin ang yamang kultura sa kanilang panitikan, sining, at maging sa mga makabagong teknolohiya (Starrs, 2020).

Batay sa mga ideyang nakalahad, ito ang naging dahilan upang ang mananaliksik ay magsagawa ng isang pananaliksik tungkol sa pagkalkal at pagdokumentaryo ng mga kuwentong bayan na nagpasalindila sa bibig ng mga tao sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat.

**2. Mga katawagang sumasagisag sa kultura.**

Talahanayan 3. **Distribusyon ng mga Kwentong Bayan na Sumasagisag sa Kultura**

| Mga Kwentong Bayan | Lokasyon | Materyal na Kultura | Di-Materyal na Kultura |
|---|---|---|---|
| Liboo | Albor | Clam/Kabibe | Pangingisda |
| Kaliring | | gulong at kahoy | Larong Pinoy |
| Banderitas | | banderitas | Pagkakaisa |
| Biyayang Anak | Arellano | bata | Pagmamahal |
| Bangka | | bangka | Pagsusumikap |
| Hawak Kamay | Bayanihan | bahay | Pagbabayanihan |
| Buhay na Batis | | batis | Pagsasaka at pangingisda |
| Busilak na Puso | Doña Helen | lupain | Pagsasaka |
| Ubogon | Llamera | Alimango at Pasayan | Paghaharana |
| Damong Ga-as | Garcia | damo | Pagpapakita ng pasasalamat |
| Maliit na Amerika | Magsaysay | Iba't ibang estilo ng bahay | Pag-aasawa sa isang banyaga |
| Ang Pulo ng Sabang | Osmeña | bulaklak | Paggalang |
| Haway Para Mabuhay | Plaridel | haway | Pakikipagbarteran ng produkto |
| Dungguan | | dinamita | Pangingisda |
| Alamat ng Milagrusong Palanguyan | | tubig | Pagiging Totoo |
| Hugis Tsokolateng Pulo | Quezon | pulo | Pananampalataya |
| Yaman ng Lupa | Rosita | Chromite | Pag-uuling |
| Simbada na | San Antonio | lambat | Pangingisda |
| Sa Tabing Dagat | | Kanduyon | Pangingisda |
| Malawak na Palayan | Sanjose | palay | Pagsasaka |

**2.1 Materyal na Kultura**

Mayaman sa materyal na kultura ang labintatlong (13) barangay sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat.Bawat barangay ay nagkakaiba sa materyal na kultura. Ang "Clam o Kabibe" ng Barangay Albor, "Bata" at "Bangka" ng Barangay Arellano, "Bahay Kubo at Batis" ng Barangay Bayanihan,

"Lupain" ng Barangay Doña Helen, "Alimango at Pasayan" ng Barangay Llamera, "Damo" ng Barangay Garcia, "Iba't ibang estilo ng bahay" ng Barangay Magsaysay, "Bulaklak" ng Barangay Osmeña, "Haway", "Dinamita" at "Tubig" ng Barangay Plaridel, "Chromite" ng Barangay Rosita, "Lambat" at "Kanduyon" ng Barangay San Antonio at "Palay" ng Barangay San Jose.

Ang clam o kabibe ay sumasagisag sa yaman ng lugar upang mairaos ang gutom. Ang gulong ay sumasagisag sa larong pinoy na nananatili sa bayan. Ang bata at bahay naman ay sumasagisag ng pangarap na natutupad. Ang bahay kubo ay sumasagisag sa kabayanihan ng mga tao at batis ay sumasagisag ng buhay. Ang alimango at pasayan naman ay sumasagisag sa biyayang alay para sa taong iniirog o bumibisita sa isang tahanan. Ang damo ay sumasagisag sa katatagan ng mga taga nayon. Ang iba't ibang estilo ng bahay na sumasagisag sa karangyaan ng kanilang lugar. Ang haway ay sumasagisag sa lakas para malabanan ang kahirapan. Ang bulaklak ay sumasagisag sa kapayapaan ng lugar. Ang haway na sumasagisag sa karangyaan ng pagkain. Ang dinamita na sumasagisag sa kalapastangan ng tao sa karagatan. Ang tubig ay sumasagisag sa kabutihang loob. Ang pulo na sumasagisag sa karangyaan ng ating turismo. Ang chromite na sumasagisag sa natatagong yaman ng lugar. Ang lambat at kanduyon na sumasagisag sa hanapbuhay at pagkain ng mga tao, at ang palay na sumasagisag sa gintong butil ng mga taga-Nayon.

**2.2 Di – Materyal na Kultura**

Mayroon ding maipagmamalaki na di – materyal na kultura ang labintatlong (13) barangay sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Nagkakatulad at nagkakaiba ang bawat barangay sa di - materyal na kultura. Ang "Pangingisda", "Larong Pinoy" at "Pagkakaisa" ng Barangay Albor, "Pagmamahal" at "Pagsusumikap" ng Barangay Arellano, "Pagbabayanihan" at "Pagsasaka" ng Barangay Bayanihan, "Pagsasaka" ng Barangay Doña Helen, "Paghaharana" ng Barangay Llamera, "Pagpapakita ng Pasasalamat" ng Barangay Garcia, "Pag-aasawa ng isang banyaga" ng Barangay Magsaysay, "Paggalang" ng Barangay Osmeña, "Pakikipagbarteran ng produkto", "Pangingisda" at "Pagpapakatotoo" ng Barangay Plaridel, "Pananampalataya" ng Barangay Quezon, "Pag-uuling" ng Barangay Rosita, "Pangingisda" ng Barangay San Antonio at "Pagsasaka" ng Barangay San Jose.

Ang mga barangay tulad ng Albor, Arellano, Osmeña at San Antonio ay nagkakatulad sa gawi ng pamumuhay na pangingisda sa kadahilanang sa tabing-dagat matatagpuan ang kanilang mga tahanan. Kapansin-pansin naman na nagkakaiba ang mga barangay tulad ng Bayanihan na ang pagkakaisa at pakikisama ay may dalang gantimpala, Magsaysay na mas higit na matutunghayan sa kanilang lugar ang pag-aasawa ng dalagita sa isang banyaga, Plaridel na nakatuon sa pakikipagbarteran ng produkto para sa isang haway na kadalasang handa sa iba't ibang okasyon, Rosita naman na pag-uuling ang pangunahing ikanabubuhay sa bukid at San Jose na mayaman sa sakahang bukid ng palay.

Ayon kay Madura (2022) ang kultura ay mga nakagawiang paraan sa buhay ng mga tao sa isang lugar. Ito ang kabuoan ng mga kaisipan, kaugalian, paniniwala, tradisyon, sining, wika at pamumuhay ng isang pangkat ng mga tao na nagpasalin-salin sa iba't ibang henerasyon. May dalawang uri ng kultura, ang materyal at di-materyal na kultura. Ang materyal na kultura ay tumutukoy sa mga bagay na nakikita at nahihipo na ginagamit o kailangan sa pang-araw-araw na buhay. Samantalang, ang di-materyal na kultura ay tumutukoy naman sa mga ideya ng pangkat ng mga tao. Kabilang dito ang wika, kaugalian, paniniwala, tradisyon at sining.

Ang panitikan ay sumasalamin sa mga paniniwala, kultura at tradisyon ng isang lugar. Sa panitikan ibinubuhos ng mga tao ang kanilang mga saloobin, nararamdaman at nakikita sa kanilang katayuan. Kung kaya, sa panitikan mababakas ang ating panlipunan at panlahing pagkakakilanlan lalong-lalo na sa mga kuwentong bayan (Villafuerte, 2020).

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa konsepto ni Panganiban at Casanova (2015) na nagsasaad na ang bawat kuwentong bayan ay may taglay na kahalagahang panlipunan at pangkultural hinggil sa pinagmulan ng isang bayan o pook. Ang panitikan tulad ng alamat ay ginagamit bilang lunsaran sa pag-unawa ng kultura, magkapareho man o magkaiba sa bawat lipunan kaya ang mga mambabasa sa oras na babasahin ang isang akdang pampanitikan masasalamin nito o kakikitaan ng mga katangiang pangkultura ang mga tao sa bansang kinatawan nito (Du, 2014 at Menor, 2015).

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Mahalaga ang pag-aaral ng kuwentong bayan at pagsusuri sa kulturang nakapaloob dito sapagkat tugon din ito sa hangarin ng programang K to 12 kurikulum na kailangang malinang ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa kanilang partikular na lugar sa mithiing lokalisasyon at kontekswalisasyon sa kurikulum. Lalong mapalapit ang mga mag-aaral sa kanilang lugar kung ang mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa pagtuturo ay malapit sa kanilang diwa at puso. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga mag-aaral upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin, at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan ng isang tao, at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Sa panlipunan, pambansa, at pandaigdigang kaukulan, isa ang panitikan sa pinagbabatayan ng pagkakaroon ng buhay at katagumpayan ng isang bansa (De Juan, 2015).

**3. Mga katutubong-aral sa buhay ang nailakip sa kuwento.**

Talahanayan 4. **Distribusyon ng mga katutubong-aral sa kuwento**

| **Barangay** | **Katutubong-aral** |
|---|---|
| Albor | Pagbawal sa pagkuha ng liboo para maipreseba ang yamang-dagat na ito |
| | Pagpapalakas ng loob at kumpyansa sa sarili |
| | Pagtutulungan sa pagpapayaman ng kultura |
| Arellano | Pagbibigay halaga sa ibinigay na biyaya ng Panginoon. |
| | Pagtitiyaga sa pamumuhay |
| Bayanihan | Pagkakaisa at pakikisama ay may dalang gantimpala. |
| | Pagtutulungan sa kawalan |
| Dona Helen | Pag-aalaga sa mga lupain |
| Llamera | Pagbibigay ng alimango at pasayan bilang regalo tuwing bumibisita sa taong minamahal |
| Garcia | Gamitin ng tama ang mga yamang lupa |
| Magsaysay | Ang pag-aasawa ng dalagita sa isang banyaga ang naging susi sa kahirapan. |
| Osmena | Hindi mangingialam sa  mga gamit na hindi mo pagmamay-ari |
| Plaridel | Pagtangkilik ng sariling produkto |
| | Ginagawang baliw ng engkanto ang sinomang gumamit ng dinamita sa pangingisda. |
| | Pagpreserba sa likas na yaman |
| Quezon | Pagsusumikap at pagtitiyaga sa pag-abot ng pangarap |
| Rosita | Protektahan ang pinagkukunang-yaman |
| San Antonio | Pagtutulungan at pananampalataya ang susi sa isang masaganang pamumuhay. |
| | Pagtangkilik ng sariling produkto |
| San Jose | Pagtutulungan ang puhunan upang mabiyayaan. |

Batay sa isinagawang pagsusuri, bawat kuwentong bayan mula sa labindalawang (12) barangay ay kakikitaan ng mga natatanging katutubong aral.

Ang barangay Albor ay may katutubong aral na ***"Pagbawal sa pagkuha ng liboo para maipreseba ang yamang-dagat na ito".*** Nang umiral ang tag-gutom sa lugar na ito noong dakong una, liboo ang nagsilbing pangunahing pagkain. Dahil umaaasa ang lahat ng tao sa pagkaing ito, unti-unting nawawala ang liboo sa kanilang lugar. Nagsilbing aral sa barangay na ito na kailangan mapreserba ang liboo na may makabuluhang kahulugan sa kanilang buhay.

Ang barangay Arellano ay may katutubong aral na ***"Pagbibigay halaga sa ibinigay na biyaya ng Panginoon"*** at ***"Pagtitiyaga sa pamumuhay".*** Naglalarawan ito sa kabutihang loob at pagsusumikap ng mga ninuno noong unang panahon. Labis ang kanilang pagsasakripisyo para maabot nila ang tagumpay sa kasalukuyan.

Ang barangay Bayanihan ay may katutubong aral na ***"Pakikiisa at pakikisama ay may dalang gantimpala".*** Nagbibigay ng gabay ang Poong Maykapal sa mga taong may busilak ang puso para sa kaunlaran ng iba. At ***"Pagtutulungan sa kawalan".*** Nakapagbigay inspirasyon sila sa mga karatig na lugar na dapat ay magtutulungan parin kahit na nahihirapan sa buhay.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ang barangay Doña Helen ay may katutubong aral na ***"Pagtutulungan sa Kawalan".*** Natatanging katangian ng mga ninuno natin na magpasa hanggang ngayon ay matutunghayan parin sa komunidad. Kung may kusa ka sa buhay, tiyak may pag-asa na naghihintay.

Ang barangay Llamera naman ay may katutubong aral na ***"Pagbibigay ng alimango at pasayan bilang regalo tuwing bumibisita sa taong minamahal".*** Nagpapakita ng magandang balyus ang ganitong kaugalian ng mga taga-Llamera. At hanggang sa kasalukuyan, tuwing mayroong bumisita sa bawat tahanan ng mga Pilipino saan mang sulok ng Pilipinas, patuloy pa ring maoobserbahan ang pamanang kaugalian.

Ang barangay Garcia ay may katutubong aral na ***"Paggamit ng tama sa yamang lupa".*** Nagpapahiwatig lamang ito na kahit saan ka pupunta o kung ano ang mararanasan sa buhay ay nananatili laman ang yaman.

Ang barangay Magsaysay ay naniniwala sa katutubong aral na ***"Ang pag-aasawa ng dalagita sa isang banyaga ang naging susi sa kahirapan".*** Naging daan ng mga taga-Magsaysay tungo sa kaginhawaan ang ganitong balyus na ang mga dalagita sa kanilang lugar ay nakakapag-asawa ng mga banyaga. Ang ganitong katutubong aral ay naging bahagi ng buhay ng mga Pilipino.

Ang barangay Osmeña ay may katutubong aral na ***"Hindi mangingialam sa mga gamit na hindi mo pagmamay-ari".*** Isang aral na tumatak sa mga taga-Osmeña na nagbibigay kaalaman sa mga kabataan, na dapat ay gumagalang sa mga bagay na hindi pagmamay-ari.

Ang barangay Plaridel naman ay may katutubong aral na ***"Pagtangkilik sa sariling produkto".*** Ang balyus na ito ang naging daan upang makilala ang lugar na Plaridel. Ang pagtangkilik sa sariling produkto ang umahon sa kanilang lugar sa kahirapan at naging tatak ng sariling pagkakakilanlan.

Ang barangay Quezon ay may katutubong aral na ***"Pagsusumikap at Pagtitiyaga sa pag-abot ng pangarap".*** Na nagbigay hudyat sa pagbibigay importansya sa edukasyon kahit sa kahirapan.

Ang barangay Rosita ay may katutubong aral na ***"Protektahan ang pinagkukunang – yaman".*** Dahil sa natagpuang yaman na chromite, yumaman ang lugar na ito na mula sa naghihikahos na buhay. Ang balyus na pagiging responsable at may tamang pangangalaga sa yamang nakatago ang maging tulay upang mas makilala ang lugar sa buong bansa.

Ang barangay San Antonio na may balyus na ***"Pagtutulungan at pananampalataya ang susi sa isang masaganang pamumuhay".*** Ito ang nagsilbing gabay sa mga taong naninirahan sa lugar na ito. Ang patuloy na pagtutulungan ng bawat isa ang naging susi upang mas umunlad pa ang kanilang buhay.

At huli, ang barangay San Jose na may katutubong aral na ***"Pagtutulungan ang puhunan upang mabiyayaan".*** Ang mga taong nagsisikap sa lugar na ito ay nakikipagtulungan upang ang kanilang pangangailangan ay matugunan. Ang pagtitiis sa initan ay may paniniwalang sa huli ay may kaginhawaan.

**4. Ang konsepto sa Departamento ng Edukasyon maiugnay ang mga aral na kalakip ng mga kwentong bayan sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat.**

Talahanayan 5. **Distribusyon ng mga aral na kalakip sa kwentong bayan sa konsepto ng Departamento ng Edukasyon**

| Barangay | Kaugnayan na mga Aral |
|---|---|
| Albor | Pagtuturo sa mga mag-aaral na ingatan ang mga likas na yaman ng bansa |
| | Pagpapalakas ng kahusayang pisikal ng mga kabataan |
| | Pagbibigay halaga sa kulturang nasimulan |
| Arellano | Pagpapahalaga sa ispiritwal |
| | Pag-ahon sa mahirap na mentalidad |
| Bayanihan | Pakikisama sa kapwa para sa matatag na edukasyon. |
| | Pagiging responsible sa likas na yaman |
| Dona Helen | Pagbibigay kahalagahan sa lupang sinilangan |
| Llamera | Pagbabahagi ng biyaya tungo sa ikauunlad at ikatatag ng inang paaralan |
| Garcia | Pagbibigay halaga sa likas na yaman kahit anong anyo ito |
| Magsaysay | Pakikipag-ugnayan sa ibang stakeholders ng paaralan ang tulay sa mas magandang ugnayan ng komunidad at paaralan. |

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

| | |
|---|---|
| Osmena | Pagiging kontento sa kung anong meron ka |
| Plaridel | Pagtataguyod ng lokalisasyon ng sariling kultura hanggang sa susunod na henerasyon. |
| | Pagtuturo sa mga mag-aaral na umiwas sa maling gawain na sisira sa inang kalikasan |
| | Pagbibigay importansya sa pook panturismo |
| Quezon | Pagiging matiyaga sa hamon na darating sa buhay |
| Rosita | Pagiging responsableng mamamayan sa pagprotekta ng mga natatagong yaman ng bansa |
| San Antonio | Pagkakaisa ng buong kagawaran ang susi sa isang pinatatag na edukasyon |
| | Pagpapanatili sa mga produkto ng lugar |
| San Jose | Pagtutulungan at pagkakaisa ng buong kagawaran ang pundasyon sa isang matatag na nasyon. |

Batay sa mga katutubong aral na ipinahayag ng mananaliksik, ang kaugnayan ng mga aral na ito sa konsepto ng edukasyon ay sumusunod:
Pagtuturo sa mga mag-aaral na ingatan ang mga likas na yaman ng bansa.
Pagpapalakas ng kahusayang pisikal ng mga kabataan
Pagbibigay halaga sa kultura
Pagpapahalaga sa Ispiritwal
Pag-ahon sa mahirap na mentalidad
Pakikisama sa kapwa para sa matatag na edukasyon
Pagiging responsable sa likas na yaman
Pagbibigay kahalagahan sa lupang sinilangan
Pagbabahagi ng biyaya tungo sa ikauunlad at ikatatag ng inang paaralan.
Pagbibigay halaga sa anyo ng likas na yaman
Pakikipag-ugnayan sa ibang stakeholders' ng paaralan ang tulay sa mas magandang ugnayan ng komunidad at paaralan.
Pagtataguyod ng lokalisasyon ng sariling kultura hanggang sa susunod na henerasyon.
Pagtuturo sa mga mag-aaral na umiwas sa maling gawain na sisira sa inang kalikasan.
Pagbibigay importansya sa pook panturismo
Pagiging matiyaga sa hamon na darating sa buhay
Pagiging responsableng mamamayan sa pagprotekta ng mga natatagong yaman ng bansa.
Pagkakaisa ng buong kagawaran ang susi sa isang pinatatag na edukasyon.
Pagpapanatili sa mga produkto ng lugar
Pagtutulungan at pagkakaisa ng buong kagawaran ang pundasyon sa isang matatag na nasyon.
Dala na rin sa mithiin ng K to 12 na sariwain ang mga kultura ng isang lugar kung saan napabilang ang isang mag-aaral alinsunod sa kontekswalisasyon at lokalisasyong ninanais makamit sa malawakang kamalayan sa sariling kultura bago mapag-aralan ang kultura ng iba (Lamiseria, 2016).

Ang mga kwentong bayan ay nagbibigay ng mga aral at gabay sa ating pang-araw-araw na buhay, nagpapalaganap ng kabutihang-asal, at nagpapalakas ng ating samahan bilang isang komunidad. Sa artikulo ni Catipay (2019), malaki ang ambag ng kwentong bayan sa pagpapalago ng balyus ng mga kabataan na naging sandigan sa pagbibigay ng aral. Ang pag-aaral ng ating sariling panitikan ay napakahalaga. Sa pamamagitan nito ay malalaman, madarama at masusumpungan natin kung paano nag-ugat at namuhay ang ating mga ninuno.

Sa naging pananaliksik nina Duza at Aler (2023), malaki ang tungkuling ginagampanan ng kuwentong-bayan, upang mahubog ang kakayahan ng tao sa pakikisalamuha. Sa pamamagitan ng kuwentong bayan ay mabubuksan ang isipan ng mga tao kung gaano kahalaga ang pagpreserba ng mga akdang pampanitikan at mananatili itong buhay sa bawat henerasyon.

Winika naman ni Chen (2019), hinggil sa tema ng kuwentong bayan ay sinasabi niyang kadalasan sa mga ito ay kakikitaan ng matulunging hayop, mga di-kapani-paniwalang pagbabagong anyo, mga kahilingan na natutupad, at higit sa lahat ang pagkakaroon ng mahika. Ito ang ilan sa mga katangian na nagbibigay engganyo sa mga mambabasa o di kaya"y sa mga nakikinig.

Sa pagsusuri ni Jin Joo (2016), natuklasan niyang ang tema o paksang diwang napapaloob sa nabasang pabula ay "Huwag maging makasarili at samantalahin ang kahinaan ng kapwa dahil lamang sa pansariling interes."

Ngunit sa pangkalahatan ay mahalaga ang kwentong bayan upang mayroong mapupulot na mga aral ang bawat bumabasa sa kung saan nanggaling at kamangha-manghang kultura na meron sila.

Hanggang ngayon, laganap pa sa paligid ang iba‟t ibang panitikan na sumasalamin sa tradisyon, paniniwala at kultura ng bawat lugar. Karamihan sa mga ito ay hindi pa nalilinang, napapayaman at napagukulan ng panahon para pag-aralan. Mahalagang mamulat ang kamalayan ng makabagong henerasyon sa kasaysayan ng kanilang lugar at higit pa nilang maipagmalaki at mabigyang pagpapahalaga iang kagandahan ng kanilang kultura kasabay ng pagsagot sa mga tanong ng kanilang pagkakakilanlan.

## KABANATA 4
## LAGOM, KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng pag-aaral, kinalabasan ng pag-aaral, konklusyon at rekomendasyon.

### Lagom

Ang pag-aaral na ito ay dinokumento, sinuri at isinalin ang iba't ibang kuwentong bayan sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Tinugunan sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na mga katanungan:

1. Ano-anong kuwentong-bayan ang malilikom sa Isla ng Dinagat?
2. Ano-anong mga katawagan ang sumasagisag sa kultura?
2.1 Materyal na Kultura; at
2.2 Di-materyal na Kultura?
3. Anong mga katutubong-aral sa buhay ang nailakip sa salaysay? Sa anong konsepto sa Departamento ng Edukasyon maiugnay ang mga aral na kalakip ng mga kwentong bayan sa Munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat?

### Kinalabasan

Matapos ang isinagawang pagsusuri, lumabas na:

1. Mula sa labing-anim (16) na barangay sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat, may labintatlong (13) barangay ang kakikitaan ng kuwentong bayan at dalawang barangay na nagtataglay ng tatlong kuwentong bayan. Ang mga nalikom na kuwentong bayan ay sumusunod: Ang "Liboo" "Kaliring" at "Banderitas" ng Barangay Albor, "Biyayang Anak" at "Bangka" ng Barangay Arellano, "Hawak Kamay" at "Buhay na Batis" ng Barangay Bayanihan, "Busilak na Puso" ng Barangay Doñ a Helen, "Ubogon" ng Barangay Llamera, "Damong Ga-as" ng Barangay Garcia, "Maliit na Amerika" ng Barangay Magsaysay, "Ang pulo ng Sabang" ng Barangay Osmeña, "Haway Para Mabuhay", "Dungguan" at "Ang Milagrusong Palanguyan" ng Barangay Plaridel,"Hugis Tsokolateng Pulo" ng Barangay Quezon, "Yaman ng Lupa" ng Barangay Rosita, "Simbada na" at "Sa Tabing Dagat" ng Barangay San Antonio at "Malawak na Palayan" ng Barangay San Jose.

2. Mayaman sa materyal na kultura ang labintatlong (13) barangay sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Bawat barangay ay nagkakaiba sa materyal na kultura. Ang "Clam o Kabibe", "Gulong" at "Banderitas" ng Barangay Albor, "Bata" at "Bahay" ng Barangay Bayanihan, "Lupain" ng Barangay Doña Helen, "Alimango at Pasayan" ng Barangay Llamera, "Damo" ng Barangay Garcia, "Iba't ibang estilo ng bahay" ng Barangay Magsaysay, "Bulaklak" ng Barangay Osmeña, "Haway", "Dinamita" at "Tubig" ng Barangay Plaridel, "Pulo" ng Barangay Quezon, "Chromite" ng Barangay Rosita, "Lambat" at "Kanduyon" ng Barangay San Antonio at "Palay" ng Barangay San Jose. Gayundin, mayroon maipagmamalaki na di – materyal na kultura ang labintatlong (13) barangay sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat. Nagkakatulad at nagkakaiba ang bawat barangay sa di - materyal na kultura. Ang "Pangingisda", "Larong Pinoy" at "Pagkakaisa" ng Barangay Albor, "Pagmamahal" at "Pagsusumikap" ng Barangay Arellano, "Pagbabayanihan" at "Pagsasaka" ng Barangay Bayanihan, "Pagsasaka" ng Barangay Doña Helen, "Paghaharana" ng Barangay Llamera, "Pagpapakita ng Pasasalamat" ng Barangay Garcia, "Pag-aasawa ng isang banyaga" ng Barangay Magsaysay, "Paggalang" ng Barangay Osmeña, "Pakikipagbarteran ng produkto", "Pangingisda" at "Pagpapakatotoo" ng Barangay Plaridel, "Pananampalataya" ng Barangay Quezon, "Pag-uuling" ng Barangay Rosita, "Pangingisda" ng Barangay San Antonio at "Pagsasaka" ng Barangay San Jose.


DOI: 10.48175/IJARSCT-19410
ISSN 2581-9429 IJARSCT

3. Ang mga katutubong-aral sa buhay ang nailakip sa salaysay ay sumusunod: Pagbawal sa pagkuha ng liboo para maipreseba ang yamang-dagat na ito, Pagpapalakas ng loob at kumpyansa sa sarili at Pagtutulungan sa pagpapayaman ng kultura (Albor), Pagbibigay halaga sa ibinigay na biyaya ng Panginoon at Pagtitiyaga sa Pamumuhay (Arellano), Pakikiisa at pakikisama ay may dalang gantimpala at Pagtutulungan sa kawalan (Bayanihan), Pag-aalaga sa mga lupain (Doña Helen) Pagbibigay ng alimango at pasayan bilang regalo tuwing bumibisita sa taong minamahal (Llamera), Gamitin ng tama ang mga yamang lupa (Garcia), Ang pag-aasawa ng dalagita sa isang banyaga ang naging susi sa kahirapan (Magsaysay), Hindi mangingialam sa mga gamit na hindi mo pagmamay-ari (Osmeña), Pagtangkilik ng sariling produkto (Plaridel), Protektahan ang pinagkukunang-yaman (Rosita), Pagtutulungan at pananampalataya ang susi sa isang masaganang pamumuhay (San Antonio), at Pagtutulungan ang puhunan upang mabiyayaan (San Jose).

**Konklusyon**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, naging konklusyon na ang salin-suri ng mga kuwentong bayan sa munisipalidad ng Libjo, Isla ng Dinagat ay isang maituturing na napakahalagang gawain ng edukasyon sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng pagdokumentaryo at pagsusuri nito, maipepreserba ang mga kuwentong bayan na nagpasalindila sa bibig ng tao at makabuluhang magagamit sa prosesong pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino. Naging konklusyon din na ang pagsasagawa ng ganitong uri ng pananaliksik ay nagsisilbing tulay tungo sa pamanang kultural para sa susunod na salinlahi.

**Rekomendasyon**

Inirerekomenda ng pag-aaral ang sumusunod:

1. Gamitin ang konseptong pagsasalin na iminungkahi ng mananaliksik na pag-aangat sa orihinal na wika.
2. Tangkilin at basahin ang mga panitikang lokal dahil maraming mga pagpapahalaga ang nakalapat sa mga ito na maaaring magamit bilang lunsaran sa pagtuturo at pagkatuto.
3. Hikayatin ang mga tagapagtaguyod ng karunungan, ang mga guro na bumuo ng mga kagamitang panturo na nakaangkla sa mga akdang pampanitikang lokalisado.
4. Patuloy na tipunin, isalin, at dalumatin ang mga akdang pampanitikan sa bansa lalong-lalo na ang mga unti-unti nang nakakalimutan para mapreserba at mapayabong na rin ang wika at panitikan sa bansa.
5. Sa mga mananaliksik sa hinaharap, magsisilbing gabay nila ang pananaliksik na ito upang ipagpatuloy ang pag-aaral sa pagsasalin at pagsusuri sa mga akdang pampanitikang lokalisado para lalo pang mapaangat ang kalagayan ng panitikan sa bansa.

**Pasasalamat**

Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mananaliksik sa lahat ng tumulong at sumuporta sa pag-aaral na ito:

Sa Poong Maykapal, na nagbigay lakas, tapang, at katiwasayan ng isip upang maisakatuparan ang pananaliksik.

Kay Dr. Merlyn E. Estoque, Tagapangulo ng Paaralang Gradwado ng Surigao del Norte State University, para sa kaalaman at gabay sa paggawa ng tesis.

Kay Dr. Gemma R. Escultor, tagapayo, para sa walang sawang suporta mula simula hanggang matapos ang pag-aaral.

Kay G. Denzel Mark A. Ciruela, MA, para sa mahalagang payo at gabay sa pagsusuri ng pananaliksik na ito.

Kay Dr. Rosario B. Dizon, para sa kaalaman at gabay na naging mahalaga sa pang-araw-araw na pagtuturo.

Kay Dr. Gregorio Z. Gamboa, Jr., Tagapangulo ng Surigao del Norte State University, para sa makabuluhang suhestyon at anotasyon.

Kay Hon. Melody Llamera Compasivo, Mayor ng Libjo, Dinagat Island, sa pahintulot na maisagawa ang mga panayam.

Kay Gng. Cristie C. Liza, punong-guro ng Mababang Paaralan ng Plaridel, sa kanyang suporta at pagtanggap sa pananaliksik.

Sa mga guro na sina Gng. Degeline L. Bisnar at Gng. Sandra C. Tabugon, sa kanilang gabay at suporta.

Sa kanyang mga magulang, G. Juanito A. Rojas at Gng. Jocelyn A. Rojas, para sa walang sawang pagmamahal at suporta.

Sa kanyang mga kapatid, kamag-anak, kaguro, at kaibigan na nagsilbing inspirasyon.

Maraming salamat!

## TALASANGGUNIAN


**[1]** Almario, V. S. (2015). Introduksiyon sa Pagsasalin. Komisyon sa Wikang Filipino.

**[2]** Aggarao (2016) mula sa kanyang dokumentasyong pagsusuri na nagpapakita na dapat bigyang pansin ang natatanging kultura at panitikan kasabay ang modernisasyon.

**[3]** De Juan (2015). The legend and its brief history [Ang alamat at ang maikling kasaysayan nito]. https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/ang-alamat-at-ang-maikling -kasaysayan-nito.

**[4]** Delim, J., et al. (2016). A research on superstitiuous belief [Isang pananaliksik tungkol sa pamahiin na pinaniniwalaan].https://prezi.com/o8emprgbxzix/isangpananaliksik-tungkol-sa-pamahiin-na-pinaniniwalaan/.

**[5]** DepEd (2015). Filipino curriculum guide baitang 1-10. www.deped.gov.ph/site/default/files/page/2016/Filipino%20CG.pdf.

**[6]** Du, N. (2014). Understanding the ancient non-material cultures of B'laan of Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato from their folktale [Pagdalumat sa mga sinaunag di-materyal na kultura ng mga B'laan sa Brgy. Pisan, Kabacan, Cotabato mula sa kanilang kwentong bayan]. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 2(6), 158-163.

**[7]** Duza, Loren S. & Aler, Rose Ann D. (2023). TAGITI: Pagbuo ng Mungkahing Modyul ng mga Alamat ng mga Laboeno

**[8]** https: //philNews.ph/2020/02/06/ ano-ang -kultura-kulturang-pilipino-philippine-culture/

**[9]** Iligan (2020), Guromba (2019) na ibinabatay ang maikling kwento na sumasalamin sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan.

**[10]** Ki. (2020, February 6). Ano ang Kultura? Kulturang Pilipino (Philippine Culture). Philippine News.

**[11]** Lamiseria, G. (2016). Live-out Seminar-Workshop on Contextualization, Localization, and Indigenization of Filipino Curriculum. Palo, Tacloban, Leyte, Philippines.

**[12]** Prof.Felipe De Leon Jr. "Sampaksaan sa K'wentong Bayanhttps-://upd.edu.ph/kwentong-bayan-mahalaga-sa-kabataan/.

**[13]** Sauco, C. (2011). Philippine regional literature [Panitikang panrehiyon ng Pilipinas]. Goodwill Trading Co